

Southeastern Live Well Center



BISYON NG LIVE WELL CENTER PARA SA SOUTHEASTERN SAN DIEGO

Ang bagong Southeastern Live Well Center ay magiging isang maganda at makakalikasang pasilidad na matatagpuan malapit sa makasaysayang interseksyon ng komunidad na magbibigay ng madaling akses sa iba't ibang serbisyong pangkalusugan at panlipunan para sa mga residente.

Ang Live Well Center ay mag-aalok ng parehong pang-county at pangkomunidad na mga serbisyong may kamalayan sa trauma at sensitibo sa kultura para itaguyod ang kalusugan at kapakanan ng mga residente at palakasin ang mga pamilya at komunidad.



Kasama sa Mga Tampok ang:



Espasyo para sa pagpupulong at kumperensya ng komunidad

Wellness at Meditation Garden



Pagpapalawak ng Lakaran sa Chollas Creek

Pampublikong Sining sa Loob at Labas



[LiveWellSD.org/centralregion](https://www.livewellsd.org/centralregion)

Reb. 04/18/2022



FAMILY RESOURCE CENTER

- Ang Family Resource Center ay tutulong sa mga residente ng county na naghahanap ng pabahay, medikal na insurance coverage, tulong sa pagkain at nutrisyon, gayundin ng tulong pinansyal at sa trabaho.

MGA SERBISYONG NAGPAPATIBAY NG PAMILYA

- Susuportahan ng Mga Serbisyong Pangkomunidad para sa Kapakanan ng Bata ang mga pagsisikap na muling pagsama-samahin ang mga bata sa kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng espasyo para sa pagbisita at edukasyon ng magulang sa isang mas maginhawang lokasyon.

PAMPUBLIKONG KALUSUGAN

- Ang Pangangalagang Pangkalusugan ay magbibigay ng pagbisita sa bahay, magtataguyod ng kalusugan, adbokasiya, pagtulong, at sama-samang gawain para mapahusay ang kalidad ng buhay para sa mga ina at mga anak.

MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG PAG-UUGALI

- Ialok ang pinahusay na pag-akses sa mga serbisyong pangkalusugan, kabilang ang pangkomunidad na pangangasiwa ng adiksyon sa alak at droga at mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa mga nasa hustong gulang.

MGA SERBISYO SA RESTORATIVE JUSTICE

- Paggamit ng TRUST (**T**reatment, **R**estorative justice, **U**niting **S**upportive services with **T**rauma- informed care), susuportahan ng Probation ang mga kabataan at nasa hustong gulang na mga kliyente sa pamamagitan ng isang modelo ng resotorative justice na nagpapahusay sa kaligtasan ng komunidad para sa lahat ng residente.

MGA MATATANDA AT MGA TAONG MAY KAPANSANAN

- Ang mga serbisyong pangkomunidad ay magiging available sa mga matatanda, mga taong may kapansanan at mga miyembro ng kanilang pamilya para makatulong na panatilihin ligtas ang mga residente sa kanilang mga tahanan at itaguyod ang malusog at mahalagang pamumuhay.

PAGPAPAUNLAD NG LAKAS-PAGGAWA

- Ang mga mapagkukunan para sa kahandaan at pagsasanay sa trabaho ay magiging available para sa mga nasa hustong gulang at kabataang naghahanap ng trabaho at mga serbisyong bokasyonal.

SUPORTA SA BATA

- Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo para sa Suporta sa Bata ay naghahatid ng mga serbisyong nakasentro sa pamilya sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga magulang para magtatag at magpatupad ng mga utos ng hukuman para sa suportang pinansyal upang suportahan ang pangmatagalang kapakanan ng kanilang mga anak.



MGA SERBISYONG MILITAR AT PANGBETERANO

- Ang militar, mga beterano, mga nakaligtas at mga umaasa ay makatatanggap ng malawak na saklaw ng suporta sa mga serbisyong pangkomunidad.

MGA SERBISYO SA KOMUNIDAD

- Ang mga karagdagang serbisyong ibinibigay ng mga lokal na kasosyo at tagapagkaloob sa komunidad ay magiging available para suportahan ang mga residente.